

## Tungkol sa Bayad na Pagliban na Pampamilya ng California

Ang programang Bayad na Pagliban na Pampamilya ng California ay nilikha para sa mga sandaling mahalaga. Maaaring gamitin ang mga benepisyo para alagaan ang mga kapamilya na may sakit nang malubha, upang mabantayan ang bagong panganak na sanggol, o upang lumahok sa isang nagkakwalipikang pangmilitar na kaganapan.

## Mga Katotohanan Tungkol sa Bayad na Pagliban na Pampamilya ng California

- Nagbibigay nang hanggang walong linggong partial-wage-replacement na benepisyo. Hindi kailangang kunin at ubusin ang lahat ng pagliban sa isang pagkakataon.
- Nagbibigay ng humigit-kumulang 60 hanggang 70 porsyento ng iyong lingguhang sahod.
- Pinopondohan sa pamamagitan ng iyong State Disability Insurance tax witholding, na nakasulat sa mga paystub bilang "CASDI", o isang nagkakwalipikang planong boluntaryo na binayaran sa nakaraang 5 hanggang 18 buwan.
- Para sa mga bagong panganak, upang mabantayan ang sanggol, maaaring kunin ang leave anumang oras sa loob ng unang 12 buwan mula ng dumating ang anak sa inyong pamilya.
- Hindi nakakaapekto sa pagiging kwalipikado ang katayuan sa pagkamamamayan at imigrasyon.

## Paano Kung Tinanggihan ang Claim Ko?

Kung tinanggihan ang iyong claim, may karapatan kang:

- Alamin ang dahilan para sa pagtanggi.
- Mag-apela ng mga desisyon tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Bisitahin ang Appeals (edd.ca.gov/en/Disability/Appeals) para sa impormasyon.

Ang lahat ng impormasyon sa pag-claim ay kumpidensyal maliban sa mga layunin na pinapahintulutan ng batas.

EDD Employment Development Department
State of California

## Bayad na Pagliban na Pampamilya

Tiyaking naroroon ka sa mga sandaling mahalaga.

| | |
|---|---|
| **Ingles** | 1-877-238-4373 |
| **Espanyol** | 1-877-379-3819 |
| **Cantonese** | 1-866-692-5595 |
| **Vietnamese** | 1-866-692-5596 |
| **Armenian** | 1-866-627-1567 |
| **Punjabi** | 1-866-627-1568 |
| **Tagalog** | 1-866-627-1569 |
| **TTY** | 1-800-445-1312 |

Bisitahin ang Paid Family Leave or State Disability Insurance Office (edd.ca.gov/en/Disability/Contact_SDI) na malapit sa iyo para makakuha ng mga claim form, makatanggap ng impormasyon, o makausap ang isang kinatawan.

Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang:
edd.ca.gov/PaidFamilyLeave


Ang EDD ay isang tagapag-empleyo/programa na nagbibigay ng patas na oportunidad. Ang mga pantulong na aid at serbisyo ay available sa mga indibidwal na may kapansanan kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang itawag sa 1-866-490-8879 (voice). Para sa mga user ng TTY, tumawag sa California Relay Service sa 711.





BAYAD NA PAGLIBAN NA PAMPAMILYA NG CALIFORNIA

# Tumutulong sa mga taga-California na tiyaking naroroon sila sa mga sandaling mahalaga.







## Magkakwalipika Ba Ako para sa Bayad na Pagliban na Pampamilya ng California?

Para magkwalipika para sa mga benepisyo na Bayad na Pagliban na Pampamilya, dapat kang:

- Lumiban sa trabaho para pangalagaan ang isang kapamilya na may sakit na malubha, mabantayan ang isang bagong silang na sanggol o makilahok sa isang nagkakwalipikang pangmilitar na kaganapan.
- Kailangang may seguradong kontribusyon sa State Disability Insurance o isang planong boluntaryo kapalit ng State Disability Insurance.
- Kumita nang hindi bababa sa $300 sa nakaraang 5 hanggang 18 buwan.
- Isumite ang iyong claim nang hindi lalampas sa 41 araw pagkatapos mong simulan ang iyong pagliban na pampamilya. Huwag magsumite nang mas maaga pa sa iyong unang araw ng pagliban.

## Paano Kinakalkula ang Halaga ng mga Benepisyo?

Ang mga benepisyo ay 60 hanggang 70 porsyento ng iyong pinakamataas na tatluhang-buwang kita, 5 hanggang 18 buwan bago magsimula ang iyong claim.

Tantyahin ang iyong mga benepisyo sa Disability Insurance and Paid Family Leave Calculator (edd.ca.gov/PFL_Calculator).





## Nagbibigay ba ng Proteksyon sa Trabaho ang Bayad na Pagliban na Pampamilya?

Hindi nagbibigay ng proteksyon sa trabaho ang Bayad na Pagliban na Pampamilya. Maaaring magbigay ng proteksyon sa trabaho kung nagkakwalipika ka sa ilalim ng ibang mga batas:

- Federal Family and Medical Leave Act) (dol.gov/agencies/whd/fmla).
- Batas sa mga Karapatang Pampamilya ng California Civil Rights Department (calcivilrights.ca.gov).

Abisuhan ang iyong tagapag-empleyo o pinagtatrabahuhan ng iyong plano na lumiban sa trabaho at ang dahilan sa pagliban alinsunod sa patakaran ng inyong kumpanya.



## Paano Ako Mag-aapply para sa mga Benepisyo?

Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyong Bayad na Pagliban na Pampamilya gamit ang SDI Online (edd.ca.gov/SDI_Online).

Para mag-file sa pamamagitan ng koreo, dapat kang magkumpleto at magsumite dokumentong *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F). Alamin ang higit pa sa File a Paid Family Leave Claim by Mail (edd.ca.gov/en/disability/How_to_File_a_PFL_Claim_by_Mail).

## Mga Claim sa Pagbibigay-Alaga

Magbigay ng medikal na sertipikasyon para sa iyong kapamilya na may malubhang sakit na nangangailangan ng iyong pangangalaga. Ang sertipikasyon na ito ay kailangang magmula sa kanilang doktor o sinumang lisensyado sa medikal na propesyon. Dapat ka ring magbigay ng impormasyon tungkol sa kapamilya na inaalagaan mo at ng kanilang lagda.

## Mga Claim sa Pag-bond

Magbigay ng mga dokumento na nagpapakita ng relasyon mo sa iyong anak. Maaari itong kopya ng sertipiko ng kapanganakan, kasunduan sa pag-aampon, o talaan ng pagkakalagay sa foster care ng iyong anak.

Kung kasalukuyan kang nakakatanggap ng mga benepisyo sa Disability Insurance na nauugnay sa pagbubuntis, hindi kailangang humiling ng Paid Family Leave claim form. Ipapadala ang Form DE2501FP sa pamamagitan ng iyong SDI Online account o sa pamamagitan ng koreo kapag nagtapos na ang iyong claim sa kapansanan na nauugnay sa pagbubuntis.

## Mga Claim sa Pagtulong sa Militar

Ang mga claim sa pagtulong sa militar ay nangangailangan ng dalawang uri ng mga sumusuportang dokumento at kasulatan gaya ng sumusunod, katibayan na bahagi ka ng aktibong tungkulin pang-militar o tinawag ka para maging bahagi ng aktibong tungkuling pang-militar at dokumentasyon ng nagkakwalipikang kaganapan.

## Mga Planong Boluntaryo

Kung nasasaklaw ka ng isang planong boluntaryo, makipag-ugnay sa iyong tagapag-empleyo o pinagtatrabahuhan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagsaklaw at iba pang mga tagubilin sa kung paano mag-apply para sa mga benepisyo.